# BUNGA LESSONS 1



"Ako'y hindi ninyo hinirang, ngunit kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagBUNGA...."
- Juan 15:16

ALPHA OMEGA
LEADERSHIP INSTITUTE
(AOLI)

facebook.com/CAOCMI
caocminational@gmail.com
(+3646) 412 2450

*Inihahandog ng* ***Church of Alpha Omega Christian Ministries, Inc. CAOCMI,***
*ng* ***Alpha Omega Leadership Institute AOLI,***
*at ng* ***Training & Dev't Ministry*** *ang Regalong Ito*
Para Kay:________________________________

| **MGA ARALIN** | **PETSA:** | **PIRMA:** |
|---|---|---|
| *Aralin 1: Sino ang CAOCMI?* | __________ | __________ |
| *Aralin 2: Ang Ating Bisyon* | __________ | __________ |
| *Aralin 3: Ang Ating Misyon* | __________ | __________ |
| *Aralin 4: Ang Sistemang AOLI* | __________ | __________ |
| *Aralin 5: Pagtatatag ng mga Programa* | __________ | __________ |
| *Aralin 6: Ang Tanim* | __________ | __________ |
| *Aralin 7: Ang Sibol* | __________ | __________ |
| *Aralin 8: Ang Cell Group* | __________ | __________ |
| *Aralin 9: Ang Lago* | __________ | __________ |
| *Aralin 10: Ang Bunga* | __________ | __________ |

# PANIMULA

**Binabati Kita!** Natapos mo na ang iyong LAGO modules—isang patunay na ikaw ay lumalago bilang alagad ni Kristo. Ngayon ay dadalhin ka ng Diyos sa susunod na yugto: ang *BUNGA*, kung saan ikaw ay tinatawag na maging lider na magbubunga ng mas maraming alagad.

Sabi ni Jesus sa **Juan 15:16**: *"Hindi kayo ang pumili sa Akin, kundi Ako ang pumili sa inyo. Itinalaga Ko kayo upang kayo'y humayo at magbunga, at ang inyong bunga ay manatili."*

Napakaganda ng pangakong ito! Ibig sabihin, hindi aksidente ang iyong paglalakbay. Pinili ka ng Panginoon upang magbunga—hindi lamang ng mabubuting gawa, kundi ng mga bagong alagad na patuloy na lalago sa Kanya. Hindi pa tapos ang Diyos sa iyo. Ang iyong paglago ay magpapatuloy hanggang sa ikaw ay maging huwaran at tagapamuno sa Kanyang kawan. Isang malaking pagpapala ang LAGO, tama? Ngunit higit pang pagpapala ang BUNGA, dahil dito mo mararanasan ang katuparan ng iyong pagiging alagad—ang maging lider na magbubunga ng iba.

"*Panginoong Jesus, salamat sa Iyong pagtawag at pagpili sa akin. Salamat sa paglago na aking naranasan sa LAGO, at ngayon ay tinatahak ko ang landas ng BUNGA. Gabayan Mo ako upang maging tapat na lider, huwaran sa pananampalataya, at handang magbunga ng mas maraming alagad. Buksan Mo ang aking puso, isipan, at kaluluwa upang ang mga aralin sa BUNGA ay magbunga ng kaligtasan, paglago, at kagalakan sa iba. Sa pangalan ni Jesus, Amen*."

Ang sumusunod ay ang mga minimum requirements ng isang mag-aaral upang makapagtapos ng ***SIBOL***:

- Devotional Life
- Cell Group Attendance
- Sunday Service/Celebration Attendance
- 1 Cell Group with at least 3 attendees
- Complete BUNGA 1 Lessons



## ARALIN 1: SINO ANG CAOCMI?

Higit pa sa anim na dekada ang ating iglesya. Ang CAOCMI o ang Church of Alpha Omega Christian Ministries, Inc. ay itinatag nuong 1959. Ngunit, noong taong 1997 lang tayo naging ganap na organisasyon kasabay ng ating pagpaparehistro sa Securities and Exchange Commission. Nagkaroon din tayo ng iba't ibang pangalan. Mula sa pagiging Bethel Temple, hanggang sa maging Assemblies of God at sa kalaunan nga ay CAOCMI. Makulay kung minsa'y masalimuot at punong-puno ng mga Milagro ang ating kasaysayan. Bakit nga ba kailangang maunawaan natin ang halaga ng pagiging kaanib ng isang iglesya?

### ENGAGE:

1. Ano ang sinasabi ng Hebreo 10:25? Sa papaanong paraan natin ito susundin?

   ______________________________


2. Basahin ang Juan 13:34-35. Sa iyong palagay, masusunod mo ba ang iniuutos ni Jesus kung ikaw ay mag-isa?

   ___________________________________

### ENLIGHTEN:

Sa LAGO 6 ay naunawaan natin na ang iglesya o ang pagtangkilik sa isang iglesya ay isa sa mga pundasyon ng ating pananampalataya. Ibig sabihin nito na tayo ay naniniwala na ang pagiging kaanib sa ating iglesya ay ang maghuhubog at magpapatatag ng ating paniniwala kay Jesu-Kristo. Ngunit, kailangan din na maunawaan ang ating pagkakakilanlan bilang iglesya upang hindi tayo nasasaling ng ibang mga paniniwala, Mateo 7:15. Sino nga ba ang CAOCMI?

1. **Tayo ay Iglesyang PROTESTANTE:**
    a. Mula sa paniniwalang Katoliko ang Protestantismo. Ang katagang ito ay nagmula sa salitang “protest” na ang ibig sabihin ay **pagkalaban o pagsalungat**. Noong 16$^{th}$ century, ang pinakamatagumpay na sumalungat sa Katolisismo na si **Martin Luther** ay nagpayahag ng Syamnapu’t limang pagsalungat na pinamagatang “Ninety-five Theses”. Ito ay mga hamon ukol sa mga aral na itinuturo ng simbahang Katoliko lalo na ukol sa indulhensya o ang pagbabayad ng salapi kapalit ng kapatawaran ng mga kasalanan.
    b. Mahahati sa limang bahagi ang “Protest” na ito na tinatawag na “five solae”:
        i. Sola scriptura – by Scripture alone
        ii. Sola fide – by faith alone
        iii. Sola gratia – by grace alone
        iv. Solus Christus – in Christ alone
        v. Soli Deo Gloria – glory to God alone
    c. Ang pinaka-distinct na pagkakaiba ng mga Protestante sa ibang organisadong relihiyon ay ang paniniwala sa **“invisible church”**. Ano ang ibig sabihin nito?
        i. Ang iglesya ay hindi organisadong istruktura
        ii. Ang iglesya ay hindi isang building o place lamang
        iii. Ang iglesya ay ang pagsasamasama ng mga santo o saved
        iv. Sa makatuwid, ang kabanalan ay wala sa istruktura o mga bagay na nasa simbahan kundi nasa kung paano nabubuhay ang mga bumubuo ng simbahan.
2. **Tayo ay Iglesyang EVANGELICAL:**
    a. Mas kilala sa tawag na Evangelical Churches ang mga Protestant Churches lalo na ang mga simbahang pinangunahan ni Luther.
    b. Ang Evangelical ay mula sa salitang “evangel” o “good news” o “magandang balita” na tumutukoy sa pagliligtas sa buong mundo na ginawa ni Jesu-Kristo.
    c. **Apat** na Pinaniniwalaan ng mga Evangelical Churches:
        i. Ang **Bibliya** ay hindi nagkakamali.
        ii. Ang tanging daan tungo sa kaligtasan ay sa pamamagitan ng **pananampalataya kay Jesu-Kristo**.
        iii. Kailangang tumanggap ng tao ng kaligtasan at magbagong loob. Ang karanasang ito ay tinatawag na pagiging **“born again”.**
        iv. Kailangan na **palaganapin** ang ebanghelyo.
3. **Tayo ay Iglesyang PENTECOSTAL:**
    a. Ang salitang Pentecostal ay mula sa salitang “Pentecost”. Ito ay ang lugar kung saan nagkaroon ng manipestasyon ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ng dilang apoy sa mga ulo ng mga Apostoles (Mga Gawa 2:1-31).
    b. Ang movement na ito ay nagsimula noong 19$^{th}$ century. Naniniwala ang mga Pentecostal churches sa bautismo ng Banal na Espiritu kasama na ang “divine healing” at “speaking in tongues” bilang mga “spiritual gifts”.
    c. Ang Pentecostal movement ay tinatawag din na “Apostolic” o “Full Gospel”. Ang “Full Gospel” o “Fourfold Gospel” ay naniniwala sa doktrina ng:
        i. Kaligtasan
        ii. Pagpapagiging Banal
        iii. Ang Makalangit na Pagpapagaling
        iv. Ang Ikalawang Pagparito ni Kristo




*Source:* [The Branches of Christianity (christianityinview.com)]

**ENACT:**

Ngayon ba'y nauunawaan mo na kung saan nanggaling ang ating Labing-apat na Pundasyon ng Pananampalataya?

Magsaliksik naman tungkol sa *Arminianism at Calvinism*. Ito ay ang dalawang pananaw ukol sa kaligtasan. Gumawa ng listahan ng pagkakaiba ng mga konseptong ito. Sa iyong palagay, aling pananaw ukol sa kaligtasan ang pinaninindigan ng CAOCMI at bakit?

PRAYER:

*Lord, napakabuti mo. Isang pagpapala ang magkaroon kami ng iglesya na matatawag naming aming ispiritwal na pamilya. Gawin Nyo po kaming kapakipakinabang na kasapi nito at kabahagi ng Inyong mga ispiritwal na pagpapala. Panginoong Jesu-Kristo, salamat at ipinauunawa po Ninyo ang aming pagkakakilanlan. Hangad po namin na aming lubusang maunawaan at maisagawa ang mga nararapat na tugon sa mga katotohanang ito. Patuloy po Ninyong pag-alabin sa aming mga puso at isipan ang mga bagay na ito upang sa panahong kami'y susubukin ay maipagtatanggol namin ang aming pananampalataya sa paraang may karunungan at kahinahunan. Ilayo po Ninyo ang Inyong iglesya sa mga mapanlinlang at sinungaling na naghahatid ng espiritu ng pagkalito at maling katuruan. Tinatanggap po namin ang Inyong Espiritu ng proteksyon at pagkaunawa. Sa pangalan ni Jesus, Amen!*

## ARALIN 2: ANG ATING BISYON

Ang bisyon ang distinksyon. Ang bawat nalikha ng Diyos o ng tao man ay nararapat na may pananaw o bisyon. Ang pinagkaiba ng isang matagumpay na organisasyon sa hindi ay ang kakayahan nitong makamit ang isang bagay. Mahirap mabuhay kung wala kang inaasam-asam na makuha o mangyari. Ito ay ang bisyon o pananaw. **Ang bisyon ay ang picture ng future**. Ikaw, mayroon ka bang pangitain? ano ang tinatanaw mo sa kasalukuyan? Ang bisyon, pangitain o pananaw ay sumasagot sa tanong na: ***"ANO ang iyong dapat o gustong gawin o maging?"***

### ENGAGE:

Maghanda ng mga bolang papel, basket o timba, at pampiring. Sumubok na magshoot ng mga bolang papel sa basket, una nang nakapiring at pangalawa ay nang walang piring. Alin ang mas madaling gawin?

Bakit mahalaga na mayroon tayong nakikita kapag ginagawa natin ang isang bagay?

Ano naman ang pinagkaiba kapag ikaw ay duling o kung tawagin ay may "diplopia"? Mapadadali ba o mahirap din ang mag shoot ng bolang papel? Bakit?

### ENLIGHTEN:

Di maganda o mabuti ang resulta ng mga bagay na ginagawa natin kung wala tayong nakikita. Parang ganun din sa ating mga ginagawa sa simbahan. Sa Engage part ay naunawaan mo na higit na mas madaling mag-shoot ng bolang papel kung walang piring, hindi malabo ang paningin, at hindi duling. Ano nga ba ang halaga ng bisyon?

1. **Ang halaga ng Malinaw na Bisyon:**
   a. **Direksyon**. Maraming mga direksyon na pwedeng tahakin ang isang tao na dadalhin siya sa iba't ibang kahihinatnan. Kung alam mo ang iyong patutunguhan o pupuntahan ay madaling makapili ng tamang direksyon. Kung walang malinaw na bisyon, pwedeng kung saan-saang lansangan ka sumuot na pwedeng malayo ka sa gusto mong puntahan. Ang malinaw na bisyon ay parang *Waze App or Google Maps*, maibibigay nito ang pinakatamang daan kung masasagot mo nang maayos ang unang tanong: "Where to?" o Saan ka pupunta? Sa totoong buhay, kapag ang isang tao ay hindi alam ang kanyang patutunguhan (bulag) o marami syang gustong puntahan (duling), siya ay hindi nagiging masaya – mauunawaan mo na aksaya lamang pala sa oras at pagod ang iyong ginawa. Ito nga ang sabi ng Lord sa Kawikaan 29:18, Ang aking bayan ay nagdurusa dahil walang pangitain. Sa ibang bersyon ng Bibliya, ang sabi ng Panginoon ay: Ang aking bayan ay "running wild" o walang disiplina, kung anu-ano ang ginagawa at ginugusto dahil walang pangitain. Nakapapagod ito hindi ba? Kaya nga, iminumungkahi natin sa AOLI na gawin natin ang mga bagay patungo sa iisa lamang na Bisyon. Napapansin mo ba na wala tayong naaccomplish kapag iba't iba ang gusto nating gawin at patunguhan? At ang pinakamalungkot na nangyayari ay ang pagkakahatihati o pagkakanya-kanya. Ang double vision or di-vision (*di- means two*) ay nagdudulot ng division.
   b. **Lokasyon**. Kung may malinaw na bisyon, malalaman mo ang iyong lokasyon o yung sukat ng kung gaano kalapit o kalayo ka sa gusto mong patunguhan. Ang lokasyon ay sumasagot sa tanong na: "Where are you?" o Saan ka na? Ayon naman kay Yogi Berra, isang professional baseball coach, "if you do not know where you are going, you will end up someplace else". Ibig sabihin nito hindi mo magagawang bumalik sa tamang daan kung hindi mo alam ang iyong patutunguhan. Ang

kakulangan sa malinaw na bisyon ay magdudulot sa atin ng pagkaligaw o "that sense of being lost".

c. **Inspirasyon**. Kung hindi natin nauunawaan ang kahihinatnan ng ating mga pagpapagal ay hindi natin gagawin nang maayos ang mga ipinagagawa sa atin. Sabi nga sa 1 Corinto 9:26, Hindi ako tumatakbo nang walang patutunguhan at hindi ako sumusuntok sa hangin. Nagiging walang kapararakan ang ating mga ginagawa kung walang malinaw na bisyon.

**2. Ano ang ating Bisyon?**

a. Ang ating Bisyon ay hango sa <u>Mateo 28:18-20</u> *Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila, "Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya't humayo kayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng mga bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon."*

b. Ang Ating Bisyon ay: **"Reaching-out nations, making disciples"**

c. Lahat ng utos ng Diyos ay mahalaga, ngunit napaka inam ng pinakahuling utos na iniwan nya.

**3. Paano susundin ang ating Bisyon?**

a. Ikaw ay inihanda upang maging matalino sa mga kaalamang pambibliya lalong- lalo na ang tungkol kay Jesus at sa Banal na Espiritu – LAGO 1, LAGO 2, at LAGO 3

b. Ikaw ay inihanda upang matutong magmahal ng kapwa – LAGO 4, LAGO 5 at LAGO 6

c. Ikaw ay ihahanda upang maging mahusay na ebanghelista at disipulo – BUNGA 1 at BUNGA 2

d. Ikaw ay ihahanda upang maging mahusay na lider at misyunero (o paggawa ng mga disipulo) – BUNGA 3 at BUNGA 4

Sa makatuwid, ang AOLI ang ating makinarya upang magampanan natin at maabot ang ating Bisyon.

**ENACT:**

Sa susunod na Linggo ay magkakaroon ng recitation. Maaari lamang na i-memorize ang bible verse na: Mateo 28:18-20, Tagalog man o Ingles at syempre, ang ating Bisyon.

PRAYER:

*Lord, maraming salamat sa ibinigay Ninyong malinaw na Bisyon sa amin. Tulungan po Ninyo kaming makamtan at maabot ito. Hindi namin ito magagawa sa ganang aming mga pansariling kaalaman at kakayanan lamang. Gayun din ay ihanda po Ninyo ang aming mga isipan upang lubos naming maunawaan ang iyong mga aral at higit sa lahat ay ihanda po Ninyo ang aming mga puso upang matuto kaming mahalin ang mga taong ilalagay po Ninyo sa aming buhay upang magkaroon kami ng impluwensya. Turuan po Ninyo kaming mahalin sila at mangarap na sila rin ay maging mga mabubuti po Ninyong disipulo. Gawin din po Ninyo kaming mabubuting alagad at tagasunod ng Bisyon na ibinigay po Ninyo sa amin. Sa pangalan ni Jesus, Amen!*

## ARALIN 3: ANG ATING MISYON

Minsan iniisip natin na ang "misyon" ay para lamang sa mga taong pumupunta sa malalayong bansa, o sa mga pastor at misyonero na may espesyal na pagkatawag. Ngunit sa katotohanan, bawat isa sa atin ay may misyon. Ang misyon ay hindi lamang tungkol sa lugar na pupuntahan, kundi tungkol sa layunin ng ating buhay bilang mga anak ng Diyos.

### ENGAGE:

*Kung bibigyan ka ng pagkakataon na magdala ng mabuting balita, saan mo gustong magsimula—sa pamilya, eskwelahan, o komunidad?"*

Activity: Gumawa ng **Mission Map** – isulat ang mga lugar kung saan ka naniniwalang tinatawag ka ng Diyos (pamilya, eskwelahan, kompanya, industriya, komunidad).

### ENLIGHTEN:

Ang misyon ay *pagsugo*—isang pagtatalaga mula sa Diyos upang magdala ng Kanyang pag-ibig at salita. Hindi ito isang gawain na ginagawa ng piling tao lamang, kundi isang panawagan para sa lahat ng mananampalataya. Sa bawat araw, may pagkakataon tayong ipakita ang misyon sa pamamagitan ng ating mga salita, gawa, at pag-ibig sa kapwa.

1. **Mga Misconceptions tungkol sa Misyon:**
   - **"Sa ibang bansa lang ito."** Maraming naniniwala na ang misyon ay nangangahulugang pagtungo sa ibang bansa. Ngunit ang pamilya, eskwelahan, at komunidad ay mga mission field din kung saan tayo tinatawag ng Diyos. Ang misyon ay nagsisimula sa pinakamalapit na tao sa ating buhay.
   - **"Para lang sa mga espesyal na tao."** Minsan iniisip natin na ang misyon ay para lamang sa mga pastor, misyonero, o taong may kakaibang pagkatawag. Ngunit malinaw sa Biblia na lahat ng Kristiyano ay tinawag upang magbahagi ng pag-ibig ni Kristo. Ang pagiging tapat na anak ng Diyos ay sapat na upang maging bahagi ng Kanyang misyon.
   - **"Mahirap."** Oo, may hamon sa pagtupad ng misyon—may pagtutol, may pagod, at minsan may takot. Ngunit ang Diyos ay nagbibigay ng biyaya at kapangyarihan upang magtagumpay tayo. Ang misyon ay hindi nakasalalay sa ating lakas, kundi sa Kanyang presensya.

2. **Biblical Foundation:**
   - *Lucas 10:27* – At pagsagot niya'y sinabi, Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong lakas mo, at ng buong pagiisip mo; at ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili.

     Ang misyon ay nakaugat sa pag-ibig: sa Diyos at sa kapwa. Ang tunay na misyon ay hindi tungkulin lamang, kundi pagsasabuhay ng pag-ibig.

   - *2 Timoteo 2:2* – At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba.

     Ang misyon ay pagpapasa ng katotohanan sa iba. Ang ating pananampalataya ay hindi natatapos sa atin, kundi ipinagkakatiwala sa susunod na henerasyon.

3. **Our Core Values and Mission:**
   - **Christ-centered (Galatians 2:20):** Ang ating buhay ay nakasentro kay Kristo, kaya't ang misyon ay hindi tungkol sa atin kundi tungkol sa Kanya.

- **Anointed servants (Isaiah 61:5-7):** Tinawag tayong maglingkod, at sa paglilingkod nakikita ang kapangyarihan ng Diyos.
- **Obedient to the Word (1 John 3:24, Luke 6:46):** Ang pagsunod sa salita ng Diyos ang tunay na tanda ng misyon.
- **Christ-like disciples (product):** Ang bunga ng misyon ay mga disipulong tulad ni Kristo.
- **Missionary movements (process):** Sama-samang pagkilos ang paraan upang maisakatuparan ang misyon.
- **Impact this generation (purpose):** Ang layunin ay baguhin ang kasalukuyan at ang susunod na henerasyon para kay Kristo.

*Ang misyon ay hindi lamang isang gawain, ito ay lifestyle ng pag-ibig, pagsunod, at paglilingkod.*

**ENACT:**

**Gumawa ng Reflection Essay:** Sagutin ang tanong: *"Paano ko maisasabuhay ang aking misyon bilang anak ng Diyos sa aking pamilya, paaralan, at komunidad?"*

*Kabisahin ang ating core values at mission.*

PRAYER:

*Ama naming Diyos, salamat po sa pagtawag Mo sa amin upang maging bahagi ng Iyong misyon. Tulungan Mo kaming maging tapat sa paglilingkod,*
*magmahal nang walang kapalit, at magbahagi ng liwanag sa aming pamilya, paaralan, at komunidad. Nawa'y ang aming mga gawa ay maging patotoo ng Iyong pag-ibig. Sa pangalan ni Hesus, aming Panginoon, Amen.*



## ARALIN 4: ANG SISTEMANG AOLI

Upang maisakatuparan ang ating Bisyon at Misyon ay nangangailangan tayo ng sistemang tutulong sa atin upang makamit ito. Dito natin ipatutupad ang AOLI o ang Alpha Omega Leadership Institute.

Ang **AOLI** ay ang sistemang ipatutupad ng CAOCMI upang mapanatili ang mga bunga nito at sila ay maging ganap na mga pinuno.

Ang **AOLI** ay ang makinaryang magbubunga ng mga kaluluwa na mag-aalaga sa kanila mula umpisa (nang sila ay makakilala sa Diyos) hangang katapusan (nang sila ay maging mga ganap nang lider).

**ENGAGE:**

Basahin ang Juan 15:16, sagutin ang tanong na: Bakit tayo pinili o hinirang ni Jesus? Ano ang ibig sabihin ng BUNGA para sa'yo?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

**ENLIGHTEN:**

*Juan 15:16 - Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga: upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay maibigay niya sa inyo.*

**kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal**
→ Banal na itinalaga; hindi tao ang naglagay sa'yo dito kundi ang Diyos.

**upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga**
→ Tuparin ang Dakilang Komisyon: abutin ang lahat ng bansa at magturo upang makagawa ng mga alagad.

**at upang manatili ang inyong bunga**
→ Ang mga bunga ay dapat magtagal / manatili (magtiis ng hirap hanggang wakas) – magpakailanman.

**upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay maibigay niya sa inyo.**
→ Kinalulugdan ang mga nagbubunga.

**4 Kayo'y manatili sa akin, at ako'y sa inyo....**
→ Ang kakayahang gumawa ng mga bagay at magtagumpay mula rito ay nagmumula lamang sa ating ugnayan kay Jesus.

**5 Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami:**
→ Ang ugnayan kay Jesus ang tanging daan upang magbunga—maraming bunga!

**6 Kung ang sinoman ay hindi manatili sa akin, ay siya'y matatapong katulad ng sanga, at matutuyo; at mga titipunin at mga ihahagis sa apoy, at mangasusunog.**
→ Ang ugnayan at pagtitiis ang mga susi sa langit.

**Paano Mamumunga?**

*Juan 15: 4-6 - Kayo'y manatili sa akin, at ako'y sa inyo. Gaya ng sanga na di makapagbunga sa kaniyang sarili maliban na nakakabit sa puno; gayon din naman kayo, maliban na kayo'y manatili sa akin.*

*5 Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.*

*6 Kung ang sinoman ay hindi manatili sa akin, ay siya'y matatapong katulad ng sanga, at matutuyo; at mga titipunin at mga ihahagis sa apoy, at mangasusunog.*

**Samakatuwid:**

a. Ikaw ay hinirang, hindi nagkamali ang Diyos sa pagpili sa'yo
b. Hinirang ka upang mamunga
c. Ang namumunga ay may pabor sa Diyos Ama
d. Ang pamumunga nang marami ay para lamang sa mga may relasyon kay Jesus
e. Ang pagkakaroon ng relasyon kay Jesus ang mag liligtas sa atin sa kapahamakan

**Bakit AOLI:**


a. AOLI promotes inclusive growth o sama samang pag-angat. Sa sistemang ito, walang maiiwan lahat may kalalagyan.
b. AOLI is sociocultural sensitive o kinokonsidera nito ang ating sociodemographic profile at internal culture na unique sa iba
c. AOLI ay nakabase sa ating tenets of faith (14 foundation of biblical principles)

d. AOLI ay dinisenyo natin. Atin ito!
e. AOLI ay isang Sistema na may mga proseso na kayang-kayang sundan.

**Mga Hadang sa AOLI:**

a. “Alam ko na yan” attitude
b. “Hindi namin kaya yan/ Hindi kami magaling” mindset
c. “Wala kaming pera para dyan” principle
d. “Walang gusto nyan sa’min” theory
e. “Bala kayo dyan” philosophy

**Ang AOLI Framework:**




**ENACT:**

Naunawaan natin na sa pakikipag-ugnayan o pakikipagrelasyon kay Jesus ang susi upang magbunga tayo, ayon sa Juan 15:12-15, anong uri ng relasyon ang ibinibigay ni Jesus? Saan Niya ito ikinumpara? Bakit mas gugustuhin natin ang uri ng relasyon ni ibinibigay ni Jesus?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
___________________________________________________________

PRAYER:

*Amang Diyos na mapagpala, kami po ay nagpapasalamat sa aral na aming natanggap ngayong araw. Salamat sa paalala na ang tunay na bunga ay nagmumula lamang sa aming ugnayan kay Jesukristo. Itinuro Mo sa amin na sa pamamagitan ng AOLI—kami ay nagiging mabunga at kinalulugdan.*

*Panginoon, tulungan Mo kaming manatili sa Iyo, magtiis hanggang wakas, at magbunga nang sagana para sa Iyong kaluwalhatian. Nawa’y ang aming mga buhay ay maging patotoo ng Iyong pag-ibig at kapangyarihan, upang marami pang kaluluwa ang madala sa Iyong kaharian.*

*Sa pagtatapos ng aming pagtitipon, dalangin namin ang patuloy na paggabay, kalakasan, at kapayapaan na nagmumula sa Iyo. Lahat ng ito ay aming hinihiling at itinataas sa pangalan ni Jesukristo na aming Panginoon at Tagapagligtas.*

## ARALIN 5: PAGTATATAG NG MGA PROGRAMA

Ang AOLI ay isang Sistema, ngunit hindi ito magtatagumpay kung walang mga programang susuporta dito. Isaisip mo ang ganitong larawan, may sasakyan kang maganda ngunit walang gasolina, Saan ka dalahen? Wala kang mapupuntahan, wala kang mararating, walang joy-ride! Ganun din ang AOLI. Isa itong Magandang sasakyan na kumpleto sa mga gears and special features ngunit hindi magagamit nang maayos ayon sa purpose nito kung hindi gagamitan ng gasolina. Ang mga programa sa ibaba ang kailangan na mayroon sa ating mga simbahan upang magtagumpay ang AOLI.

### ENGAGE:

Sa pagpapalaki ng isang buto upang maging ganap na halaman ito at mamunga, anu-ano ang mga kailangan mo upang ito ay sumibol at lumago nang malusog? Isulat sa kahon.

### ENLIGHTEN:

Ang mga sangkap sa itaas na tinukoy mo na kailangan ng isang halaman upang lumaking malusog ay katulad din ng mga programang kailangan ng simbahan upang maging matagumpay ay pagpapatupad ng sistemang AOLI. Anu-ano ang mga programang ito?

1. **Kultura ng Prayer and Fasting:**
    a. Personal devotion and prayer
    b. Family Altar



    c. Congregational Prayer Meetings
    d. Congregational Fasting

**1 Timoteo 2:1–4** – *"Una sa lahat, ipinapayo ko na ang mga panalangin, mga pagsusumamo, mga paghingi, at mga pasasalamat ay gawin para sa lahat ng tao... Sapagkat ito'y mabuti at kalugud-lugod sa paningin ng Diyos na ating Tagapagligtas, na nagnanais na ang lahat ng tao ay maligtas at makarating sa pagkakilala sa katotohanan."*

2. **Vision Casting:**
    a. Pag-aralan ang ating vision, isaulo ito, unawain nang lubos.
    b. Isama ito sa iyong debosyon, panalangin, pangangaral, at lahat ng pagtitipon, lalo na kasama ang mga cell leaders.

**Habakuk 2:2–3** *"Isulat mo ang pangitain, at ilagay sa mga tapyas, upang ang bumabasa ay makatakbo. Sapagkat ang pangitain ay para sa takdang panahon… bagaman ito'y mag-antala, hintayin mo; sapagkat tiyak na darating, hindi ito magpapaliban."*

3. **Winning Culture:**
    a. Excited ang lahat kapag may gathering
    b. Very welcoming, friendly at warm ang ambiance
    c. Excited kapag may mga bagong bisita
    d. Ina-appreciate ang nakapagdala ng kaluluwa

**Lukas 15:10** *"Gayundin, sinasabi ko sa inyo, may kagalakan sa harap ng mga anghel ng Diyos dahil sa isang makasalanang nagsisisi."*

4. **Promoting Commitment:**
    a. hindi titigil hanggat hindi nakikita ang bunga
    b. hindi bibitaw kahit may problema
    c. walang sukuan

**Hebreo 12:1–2** *"Takbuhin natin nang may pagtitiyaga ang takbuhing inilagay sa harapan natin, na nakatingin kay Jesus na siyang nagpasimula at nagpasakdal ng ating pananampalataya."*

5. **Goal Setting:**
   a. Ang strategic goal ay nakapaskil sa loob ng church
   b. Pinapaalala palagi ang goal


**Kawikaan 19:21** *"Maraming balak sa puso ng tao, ngunit ang layunin ng Panginoon ang siyang natutupad."*

6. **Monitoring and Communication System:**
   a. gamitin ang lahat ng way possible to communicate
   b. Palaging may notification system or paalala

7. **Performance Evaluation System:**
   a. Ugaliin na suriin lahat ng mga Gawain
   b. Alamin ang mga tamang ginawa at maling nagawa
   c. gawan ng paraan na ang mga maling nagawa ay hindi na mauulit. Dapat may natutunan!

***Galacia 6:4*** *"Siyasatin ng bawat isa ang kanyang sariling gawa, at sa gayon magkakaroon siya ng dahilan na ipagmalaki ang kanyang sarili, at hindi sa ibang tao."*

Ganito ang tulong ng mga programa upang ang AOLI ay magtagumpay at makuha ang mga ninanais natin:




## ENACT:

Alin sa mga programang ito ang dapat pagtuunan ng pansin ng ating simbahan? Alin sa mga programang ito ang nangangailangan ng pokus upang mas ma-develop pa sa ating mga simbahan?

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

PRAYER:

*Amang Diyos na mapagmahal, kami po ay nagpapasalamat sa mga aral na aming natutunan ngayong araw. Panginoon, tulungan Mo kaming maging tapat sa pagtatatag ng mga programang magpapatibay sa AOLI. Nawa'y ang bawat hakbang na aming gagawin ay nakaangkla sa Iyong kalooban, at ang bawat plano ay magbunga ng kaligtasan, paglago, at kagalakan sa aming mga simbahan.*

*Gabayan Mo ang aming mga lider at kapatiran upang maging masigasig, mapagtiyaga, at handang maglingkod. Huwag Mo kaming hayaang panghinaan ng loob, kundi bigyan Mo kami ng lakas at karunungan upang maisakatuparan ang pangitain na Iyong ipinagkaloob. Sa pangalan ni Jesus, Amen.*

## ARALIN 6: ANG TANIM

Ang unang proseso na pagdaraanan ng isang bagong mananampalataya ay ang TANIM process. Ito ang ating ginagamit na pamamaraan upang maunawaan ng isang bagong mananampalataya nang lubusan ang "Ebanghelyo". Tinatawag din natin itong "the evangelism process". Tunghayan sa araling ito kung paano natin ito magagawa nang matagumpay.

### ENGAGE:

Ayon sa Mateo 13:18-23, anu-ano ang mga uri ng lupa? Kung ikaw ang manghahasik, saan ka magtatanim ng iyong binhi? Paano mo magagawang mataba ang isang lupa?

__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________

### ENLIGHTEN:


Isa sa mga susi sa matagumpay na TANIM process ay ang PAGHAHANDA. Kapag napaghandaan natin ang pagtatanim, magiging sigurado ang pagtubo ng ating mga binhi. Dahil alam natin na maraming uri ng lupa, kailangan nating tanggalin ang mga damo at bato sa mga lupang ito. Ganun din ay itaboy ang mga ibon na maaaring sumalakay sa ating mga pananim.

1. **Narito ang mga pamamaraan upang magawa natin ang paghahanda:**
   a. **Spiritual Scanning or Surveying** – ito ay ang pagtukoy sa mga *territorial spirits* na maaaring nasa lugar (tahanan, paaralan, kumpanya, barangay) kung saan nakatira ang gusto mong share-an ng gospel. Halibawa ng mga territorial spirits ay espirito ng kahirapan, kalayawan, kawalan ng pananmpalataya, at iba pa. Matapos matukoy ay palayasin o i-rebuke ang mga ito.
   b. **Jericho March** – ito ay ang pag pagsasabuhay ng ginawa nina Josue upang magapi ang Jericho. Sila ay lumibot nang pitong beses sa loob ng pitong araw sa Jericho upang masakop ito. Ganun din ang gagawin sa target na teritoryo. Pagkatapos ay ide-deklara ang paghahari ni Jesus sa lugar na iyon.
   c. **Prayer of 3** – ito ay ang pagdarasal ng tatlong tao sa tatlong tao na kakilala nila na gusto nilang share-an ng gospel sa loob ng tatlong araw.

Lahat ng mga stratehiyang ito ay pagdarasal. Mas mauunawaan pa natin ang bawat gawaing inilarawan sa BUNGA 6.

2. **Paano gagawin ang TANIM process?**
   a. Ginagawa ito ng mga nasa BUNGA process na o nasa leadership process na.
   b. Pang one-on-one ang disenyo ng proseso na ito. May isang lider at isang bagong mananampalataya.
   c. May sampong aralin na dapat ipaliwanag sa bagong mananampalataya sa loob ng sampong lingo. Isang sesyon kada lingo lamang.
   d. Gawin ang pagtatagpo sa bahay o eskwelahan o trabaho o simbahan o kung saang lugar na kumportable
   e. Ito ay dapat 45 minuto hanggang isang oras lamang
   f. Ang mga aralin ay nakapokus sa ebanghelyo o Magandang balita
   g. Ang layunin ng prosesong ito ay makabuo ng relasyon ang lider sa kanyang shine-share-an ng gospel
   h. Isa pa sa mga layunin ng proseso na ito ay ang makasama sa TAGPUAN ang bagong mananampalataya.

3. **Anon ang TAGPUAN?**
    a. Ang TAGPUAN ay isang 2-day na event kung saan ang bagong mananamapalataya ay katatagpuin ng Panginoong Jesus upang lubusan niyang maunawaan ang mabuting balita at umusbong ang PAGBABAGO sa kanyang buhay.
    b. Ang TAGPUAN ay ang "germination process" kung saan nagkakaroon ng pagbabago sa binhing natanim sa lupa.
    c. *Juan 12: 24 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo: Mananatiling nag-iisa ang butil ng trigo malibang ito* ***ay mahulog sa lupa at mamatay****. Kapag ito ay namatay, mamumunga ito ng marami.*




**ENACT:**

Isulat sa blanko ang pangalan o mga pangalan ng mga taong gusto mong makilala si Jesus. Simulan ang pagdarasal para sa kanila.

____________________________________________________________

PRAYER:

*Amang Diyos na nasa langit, kami po ay nagpapasalamat sa aral na aming natutunan tungkol sa TANIM process—ang proseso ng evangelism. Salamat sa paalala na ang unang hakbang sa paglago ng aming simbahan at komunidad ay ang pagtatanim ng Mabuting Balita sa puso ng mga tao.*

*Panginoon, bigyan Mo kami ng tapang at karunungan upang maibahagi ang Iyong salita sa aming pamilya, kaibigan, kapitbahay, at sa lahat ng aming makakasalamuha. Tulungan Mo kaming maging tapat na tagapaghatid ng kaligtasan, at nawa'y ang bawat binhing aming itatanim ay tumubo at magbunga ng pananampalataya.*

*Gabayan Mo ang aming mga lider at kapatiran upang maging masigasig sa evangelism. Huwag Mo kaming hayaang panghinaan ng loob, kundi palakasin Mo ang aming espiritu upang patuloy na magtanim ng pag-asa, pag-ibig, at kaligtasan sa pamamagitan ni Kristo.*

*Sa pagtatapos ng aming pagtitipon, dalangin namin na ang TANIM process ay hindi lamang maging programa, kundi maging pamumuhay namin araw-araw. Lahat ng ito ay aming hinihiling sa pangalan ni Jesukristo na aming Panginoon at Tagapagligtas. Amen.*

## ARALIN 7: ANG SIBOL

Matapos ang TAGPUAN, ang bagong mananampalataya ay papasok sa SIBOL process. Ang prosesong ito ay bahagi pa rin ng evangelism kung saan ay patatatagin ang pananampalataya ng bagong kaanib ng iglesya.

**ENGAGE:**

Alam mo ba ang proseso ng pagpupunla o ang paggawa ng mga seedling? Manaliksik at alamin ang kahalagahan ng pagpupunla sa isang halaman:

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

**ENLIGHTEN:**

Napakahalaga ng pagpupunla. Ito ay isang pamamaraan kung saan ang mga binhi ay sinisigurong tutubo nang maayos bago sila ilipat sa mas malaking taniman. Ganun din ang SIBOL process. Ito ay ang proseso ng pagpapatatag sa pananampalataya ng nagbagong buhay.

Alam mo ba na ang halaman bago ilipat o i-transplant ay dapat may matitibay na tangkay at matatag na mga ugat? Kung kahalintulad ito ng SIBOL process, paano natin ito gagawin?

1. **Paano gagawin ang SIBOL process?**
   a. Ginagawa ito ng mga nasa BUNGA process na o nasa leadership process na.
   b. Classroom type of discussion ang disenyo ng proseso na ito. May isang lider o guro at mga mag-aaral.
   c. May sampong aralin na dapat ipaliwanag sa mga bagong mananampalataya sa loob ng sampong lingo. Isang sesyon kada lingo lamang.
   d. Ginagaw ang prosesong ito sa loob ng simbahan.
   e. Ito ay dapat isa hanggang isa at kalahating oras lamang.
   f. Ang mga aralin ay nakapokus sa pagpapatatag ng pananampalataya ng bagong mananampalataya
   g. Isa pa sa mga layunin ng proseso na ito ay maging consistent ang nagbagong buhay sa pagsisimba at pagdalo sa mga cell group or bible studies.

2. **Paano masusuportahan ang isang nagbagong buhay habang nasa SIBOL process?**
   a. **Relational Support**
      - Magtalaga ng *cell leader* na magiging katuwang sa bawat linggo.
      - Siguraduhin na may *fellowship time* bago o pagkatapos ng lesson para sa mas malalim na ugnayan.
   b. **Faith Development**
      - Bigyan ng pagkakataon ang bagong mananampalataya na magtanong at magbahagi ng kanilang karanasan.
   c. **Consistency**
      - Hikayatin silang dumalo sa simbahan at cell group nang regular.
      - Magbigay ng *reminders* at *follow-up* (text, tawag, o prayer support).
   d. **Practical Nurturing**
      - Tulungan sila sa *daily devotion guide* at simpleng prayer journal.
      - Magbigay ng maliliit na assignments (hal. memory verse, reflection sharing).
   e. **Encouragement**
      - I-celebrate ang bawat milestone (unang memory verse, unang testimony, unang pagdalo sa cell).

**ENACT:**

Gumawa ng Reflection at i-relate sa SIBOL process ang talata sa Isaias 61:11

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

PRAYER:

*Amang Diyos, salamat sa bagong buhay na ibinigay Mo sa amin kay Kristo. Dalangin namin na sa pamamagitan ng SIBOL process, kami ay mag-ugat nang malalim sa pananampalataya, lumago sa relasyon sa Iyo, at maging matatag na bahagi ng aming simbahan. Gabayan Mo ang bawat isa na maging tapat sa kanilang commitment, at nawa'y ang bawat linggo ay magbunga ng mas matibay na pananampalataya. Lahat ng ito ay aming dalangin sa pangalan ni Jesukristo. Amen."*



## ARALIN 8: ANG CELL GROUP

Ang cell group ay maliit na pagtitipon ng mga mananampalataya na naglalayong magpatibay ng relasyon, magpalalim ng pananampalataya, at magtulungan sa paglago kay Kristo. Sa cell group, mas nagiging personal ang pag-aaral ng Salita ng Diyos at mas nagiging matibay ang ugnayan ng bawat isa. Ang simbahan ay lumalago hindi lamang sa malalaking pagtitipon, kundi sa maliliit na grupo kung saan ang bawat isa ay nagiging mahalaga.

**ENGAGE:**

Basahin ang 1 Corinto 12:12-20, bakit kaya "cell group" ang tawag natin sa isang maliit na bahagi ng simbahan?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**ENLIGHTEN:**

Ang katawan ay binubuo ng mga systems tulad ng digestive system, cardiovascular system, respiratory system, etc. Ang bawat system ay binubuo ng mga organs. Ang mga organs ay binubuo ng mga tissues. Ang mga tissues ay binubuo ng mga cells o selyula. Ang cells ang pinakamaliliit na bahagi ng ating katawan. Tulad ng paghahalintulad sa simbahan bilang katawan ni Jesus, ang mga cells naman ang maliliit na bahagi ng simbahan o katawan. Naririto ang mga dapat mong malamam tungkol sa cell grouping at kung paano itayo at magpanatili nito.

1. **Paghahanda para sa Cell Group**
*Kawikaan 24:27 – "Ihanda mo ang iyong gawain sa labas, at ayusin mo sa bukid; pagkatapos ay itayo mo ang iyong bahay."*
*Practical Steps:*

- Magtalaga ng lugar na tahimik at komportable (bahay, opisina, o simbahan).
- Ihanda ang materyales: Biblia, lesson guide, notebook, at simpleng meryenda kung maaari.
- Magplano ng iskedyul na consistent (hal. Tuwing Sabado ng hapon). Huwag pabago-bago ang oras, araw, at lugar.
- Ipaalam sa mga dadalo ang oras at lugar upang maiwasan ang kalituhan. Gumawa ng GC o Group Chat kung kinakailangan.

2. **Pagbuo ng Kultura sa Cell Group**
*Gawa 2:42 – "Patuloy silang nanatili sa turo ng mga apostol, sa pakikisama, sa pagpuputol-putol ng tinapay, at sa mga panalangin."*
*Practical Steps:*

- Laging magsimula sa panalangin at pagbati upang maging mainit ang pagtanggap.
- Maglaan ng oras para sa fellowship (kumustahan, testimonies).
- Itaguyod ang kultura ng pagbabahagi, hindi lang pakikinig.
- Magkaroon ng accountability—kamustahin ang bawat isa sa kanilang spiritual walk.
- Iwasan ang mga usapang hindi nakaka-bless
- Panatilihin ang secrecy at pagprotekta ng mga impormasyong maselan

3. **Ang Papel ng Tagapamuno**
*Hebreo 13:17 – "Sundin ninyo ang inyong mga pinuno at pasakop kayo sa kanila, sapagkat sila'y nagbabantay sa inyong kaluluwa na parang mga taong mananagot."*
*Practical Steps:*

- Ang lider ay dapat maghanda ng lesson at magbigay ng malinaw na direksyon.
- Magpakita ng halimbawa sa pananampalataya at pamumuhay.
- Magbigay ng encouragement at suporta sa bawat miyembro.
- Magtala ng attendance at progress ng bawat isa para sa follow-up.

4. **Paano Gawin ang Cell Grouping**
*Mateo 18:20 – "Sapagkat saanman nagtitipon ang dalawa o tatlo sa aking pangalan, naroon ako sa gitna nila."*
*Practical Steps:*

- Simulan sa maliit na bilang (dalawa o tatlo) at palaguin ito unti-unti.
- Magtalaga ng facilitator at timekeeper para maayos ang daloy ng meeting.
- Sundin ang simpleng format: Panalangin → Kumustahan/Game→ Lesson → Sharing → Closing Prayer.
- Magplano ng regular na follow-up at fellowship activities (hal. simpleng outing o prayer walk).

**ENACT:**

Ano ang ipapangalan mo sa itatayo mong cell group?

__________________________________________

PRAYER:

*Amang Diyos, salamat sa paalala na ang cell group ay mahalagang bahagi ng paglago ng aming pananampalataya. Dalangin namin na kami ay maging handa sa pagtatatag ng cell group, na magkaroon ng kultura ng pag-ibig at pagtutulungan, na ang mga lider ay maging tapat sa kanilang tungkulin, at na ang bawat pagtitipon ay maging sentro si Kristo. Nawa'y ang cell group ay maging lugar ng kalakasan, kagalakan, at paglago. Lahat ng ito ay aming dalangin sa pangalan ni Jesukristo. Amen.*

## ARALIN 9: ANG LAGO

Ang *LAGO* ay proseso ng **discipleship** na tumutulong sa isang mananampalataya na lumalim sa kanyang relasyon kay Kristo. Kung ang TANIM at SIBOL ay pagtatanim ng binhi ng pananampalataya, ang LAGO ay pag-aalaga at pagpapalago ng pananampalataya upang maging **matibay na alagad**. Ang tunay na alagad ay hindi lamang tumanggap ng binhi ng pananampalataya, kundi patuloy na lumalago upang mumunga.

### ENGAGE:

Manaliksik gamit ang paborito mong search engine o AI, i-type ang mga katagang: "etymology of disciple". Kopyahini to at isulat sa kahon sa ibaba.

### ENLIGHTEN:

Ang disipulo ay isang mag-aaral. Kaya nga ang isang taong seryoso o tapat sa pagsunod kay Jesus ay isang mag-aaral. Ang mag-aaral ay laging handang matuto at magpasubok. Hindi dapat natatapos ang ating kagustuhan na matuto pa. Ang cell grouping at LAGO process ang ating mga pamamaraan upang makapag-disipulo ng mga mananampalataya.

1. **Bakit Mahalaga ang Pagdidisipulo?**

*Mateo 28:19–20 – "Kaya't humayo kayo, gawin ninyong alagad ang lahat ng bansa… ituro ninyo sa kanila ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo."*

- Ang discipleship ay **utos ni Jesus** at sentro ng Great Commission.
- Ang tunay na paglago ng simbahan ay nakasalalay sa paggawa ng alagad, hindi lamang sa dami ng dumadalo.
- Ang bawat mananampalataya ay nararapat na makita ang kanilang sarili bilang **disciple at discipler**.

**2. Paano Gawin ang LAGO Process?**

*2 Timoteo 2:2 – "Ang mga bagay na narinig mo sa akin… ipagkatiwala mo sa mga taong tapat na makapagtuturo rin sa iba."*

- Ang LAGO process ay may 6 na modules, may 10 lessons bawat isang module. Sumatutal ay may 60 na lessons. Samakatwid ay higit sa isang taon tuturuan ang isang mananampalataya upang maging matatag na alagad o disipulo. Hindi minadali.
- Ginagawa ito sa loob ng simbahan na ang set-up ay classroom type discussion. May guro at mga mag-aaral.
- Ginagawa ito sa loob lamang ng isa hanggang isa at kalahating oras.
- Ang mga cell leaders ay dapat nakatutok sa pagpapapasok sa kanilang mga cell members sa LAGO classes.

**3. Mga Dapat Matutunan ng Isang Disipulo Habang Nasa LAGO Process**

*Juan 8:31–32 – "Kung kayo'y mananatili sa aking salita, kayo'y tunay na mga alagad Ko. At inyong makikilala ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo."*
*Efeso 4:15 – "Sa halip, sa pagsasalita ng katotohanan na may pag-ibig, lumago tayo sa lahat ng bagay tungo kay Kristo."*

- **Pag-aaral ng Salita ng Diyos** – matutong magbasa, mag-meditate, at mag-apply ng Biblia sa buhay.
- **Panalangin at Devotion** – magkaroon ng personal na oras sa Diyos araw-araw.
- **Paglilingkod** – matutong maglingkod sa cell group, simbahan, at komunidad.
- **Pagbuo ng Relasyon** – matutong makipag-ugnayan, magbahagi ng testimony, at magtulungan sa kapwa.

- **Pagpapalago ng Character** – matutong mamuhay nang may kabanalan, pag-ibig, at katapatan.
- **Magmahal ng pamilya** – matutong gumalang sa magulang at gampanan ang itinalagang papel na iniatang ng Diyos sa iyo sa loob ng pamilya

**ENACT:**

Ibahagi ang iyong karanasan bilang bahagi ng isang cell group. Anu-ano ang mahahalaga mong natutunan?

__________________________________________________________

PRAYER:

*Amang Diyos, salamat sa paalala na ang discipleship ay mahalaga sa paglago ng aming pananampalataya. Dalangin namin na sa pamamagitan ng LAGO process, kami ay maging matatag na alagad na handang magturo at magpalago ng iba. Gabayan Mo ang bawat discipler at disciple upang maging tapat sa kanilang commitment, at nawa'y ang aming simbahan ay maging tahanan ng paglago at pagbubunga. Lahat ng ito ay aming dalangin sa pangalan ni Jesukristo. Amen.*





## ARALIN 10: ANG BUNGA

Ang *BUNGA* ay proseso ng **leadership development** sa simbahan. Kung ang TANIM ay pagtatanim ng binhi, SIBOL ay pagpapatatag ng punla, at LAGO ay paglago ng alagad, ang BUNGA ay ang yugto kung saan ang isang disciple ay nagiging **leader** na magbubunga ng mas maraming alagad. Ang tunay na bunga ng discipleship ay leadership—isang alagad na handang magpalago ng iba.

**ENGAGE:**

Ibahagi sa klase ang paborito mong lider o pinuno. Maaring mula sa simbahan, paaralan, trabaho o politika. Anu-ano ang mga karakter o personalidad o ugali ang nagustuhan mo sa kanya.

**ENLIGHTEN:**

1. **Ano ang Pagkakaiba ng Discipleship sa Leadership?**

*Mateo 28:19–20* – Discipleship: paggawa ng alagad.
*1 Timoteo 3:1–2* – Leadership: pamumuno na may pananagutan at kwalipikasyon.

- Ang discipleship ay pagtuturo at pag-aalaga, habang ang leadership ay pamumuno at paggabay sa mas malaking grupo.
- Ang disciple ay natututo; ang leader ay nagtuturo at naggagabay.
- Ang disciple ay tumatanggap ng support; ang leader ay nagbibigay ng support.

2. **Bakit Kailangan ng Leadership?**

*Hebreo 13:17 – "Sundin ninyo ang inyong mga pinuno… sapagkat sila'y nagbabantay sa inyong kaluluwa."*

- Ang leadership ay nagbibigay ng direksyon at kaayusan sa simbahan.
- Ang leader ay nagiging modelo ng pananampalataya at pamumuhay.

- Ang leadership ay mahalaga upang mapalago ang cell groups at ministries.

3. **Paano Gawin ang BUNGA Process?**


*2 Timoteo 2:2 – "Ipagkatiwala mo sa mga taong tapat na makapagtuturo rin sa iba."*

- Kilalanin ang mga disciples na handa nang maging leader.
- Bigyan sila ng training at mentoring sa leadership skills. Dito natin gagamitin ang BUNGA process. May 7 modules ito.
- I-assign sila sa maliit na grupo upang magsimula ng sariling cell group o di kaya ay magtanim ng isang outreach church.
- Magbigay ng regular na evaluation at support system.

4. **Mga Inaasahan sa Isang Leader sa BUNGA Process**

*1 Pedro 5:2–3 – "Pastulan ninyo ang kawan ng Diyos… maging huwaran kayo sa kawan."*

- Ang leader ay inaasahang maging huwaran sa pananampalataya at pamumuhay.
- Magturo ng Salita ng Diyos nang tapat at malinaw.
- Magbigay ng encouragement at suporta sa mga disciples.
- Magpakita ng commitment sa cell group at simbahan.
- Magpalago ng bagong leaders mula sa kanilang grupo.
- Makapagtayo ng matatatag na cell groups or outreach churches.




**5. Mga Roles sa LAGO at BUNGA classes:**

**Assistant Teacher**

- Namamahala sa GC ng klase
- Nagbibigay-abiso sa mga estudyante tungkol sa mga anunsyo at mahahalagang paalala
- Naghahanda ng silid-aralan at kapaligiran (dapat masaya at kaaya-aya)
- Naghahanda ng mga kagamitang panturo na maaaring kabilang ngunit hindi limitado sa: mga "engage" props, student's manual, teacher's manual, PowerPoint ng lesson, monitoring/report sheets
- Tumatanggap sa mga estudyante at pinangungunahan ang "engage" part
- Naghahanda ng ulat ng klase sa bawat pagtitipon

**Guro (Teacher)**

- Isa ring cell leader
- Naghahanda sa espirituwal
- Pinangungunahan ang bahagi ng "enlighten"
- Gumagamit ng mga ilustrasyon mula sa sariling karanasan

**Direktor ng Paaralan (School Director)**

- Karaniwang ang lokal na Pastor
- Nangangasiwa sa mga gawain ng lokal na paaralan
- Gumagawa ng mga desisyon kaugnay ng mga concerns ng paaralan
- Pinagsasama-sama ang mga ulat at feedback mula sa mga assistant teacher at guro
- Nagre-report sa direktor ng institusyon

**ENACT:**

Basahin ang 1 Timoteo 3:8-13. Alamin ang mga pamantayan ng Bibliya para sa isang namumuno sa iglesya. Alin dito ang kailangan mo pang pagtuunan ng pansin upang mapaunlad?

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
______________________________________________________________




PRAYER:

*Amang Diyos, salamat sa paalala na ang tunay na bunga ng discipleship ay leadership. Dalangin namin na sa pamamagitan ng BUNGA process, kami ay maging handang mamuno, magturo, at magpalago ng mas maraming alagad. Gabayan Mo ang bawat leader upang maging huwaran sa pananampalataya at pamumuhay, at nawa'y ang aming simbahan ay patuloy na magbunga para sa Iyong kaluwalhatian. Lahat ng ito ay aming dalangin sa pangalan ni Jesukristo. Amen.*

## Binabati Kita!

*"Salamat sa iyong tiyaga at sikap na matapos nang matagumpay ang gawaing ito. Ipagpatuloy mo ang iyong magandang sinimulan! Ikaw ngayon ay handa na para sa* ***LAGO LESSONS.*** *Binabati kita!"*



*Natitiyak kong ang mabuting gawang pinasimulan sa inyo ng Diyos ay kanyang lulubusin hanggang sa Araw ni Jesu-Kristo. – Filipos 1:6*



## CAOCMI VISION:

*Reaching out nations, making disciples.*

## CAOCMI MISSION & CORE VALUES:

We are a…
***C****hrist-centered Church with*
***A****nointed Servants who are*
***O****bedient to the Word, forming*
***C****hrist-like Disciples, and working on*
***M****issionary Movements to*
***I****mpact this generation and the next.*

# Contact Us:

facebook.com/CAOCMI
cacominational@gmail.com
(+6346) 412 2450